lalawigan ng san diego

mga tree well

Ang mga tree well ay uri ng Significant Site Design Best Management Practice (SSD-BMP) na ginagamit sa pamamahala ng agos ng stormwater. Ang mga tree well ay inilalagay sa ilang propyedad sa buong Lalawigan upang makatulong na maiwasan ang mga pollutant tulad ng basura, pataba, pestisidyo, at sediment, na makarating sa mga storm drain at sa huli, sa ating mga lokal na sapa, ilog, at karagatan. Ang inyong propyedad ay isa sa daan-daan sa buong Lalawigan na may hindi bababa sa isang Tree Well.

LARAWAN 1 *Tree well (Tanaw na Cross-Section)*



Pinapanatiling Malinis ng mga Tree Well ang Ating mga Daanan ng Tubig

Ang inyong mga Tree Well ay dinisenyo upang mag-alis ng mga pollutant mula sa agos ng stormwater na nabuo sa inyong propyedad, sa pinakamalawak na hangganan na kaya nitong gawin. Bilang isang may-ari ng isa sa mga propyedad na ito, hinihingi ng Lalawigan ang inyong pakikilahok sa pamamagitan ng **pagsasagawa ng regular na inspeksyon at mga gawaing pagmementena** upang matiyak na gumagana nang maayos ang inyong mga Tree Well.

Ipinapakita ng aming mga rekord na mayroon kayong hindi bababa sa isang Tree Well sa inyong propyedad. Upang tulungan kayong magmentena ng Tree Well na ito, ibinibigay ng **Programa ng Pangangalaga sa Watershed ng Lalawigan ng San Diego** ang flyer na ito ng impormasyon upang masagot ang mga tanong na maaaring mayroon kayo tungkol sa mga Tree Well at kung paano mantenahin ang mga ito.

Paano Gumagana ang Inyong Tree Well

Inililihis ng mga Tree Well ang agos ng stormwater papunta sa lupa na pinakamalapit na nakapaligid sa isang nakatanim na puno (tingnan ang larawan 1). Sa pangkalahatan, ang mga lugar sa palibot ng mga Tree Well ay may slope upang maging natural ang agos ng tubig papunta sa Tree Well. Sa karaniwan, matapos ang malakas na pag-ulan, ang mga agos na nakolekta sa Tree Well ay nasasala ng lupa na siyang

mas marami pang impormasyon > > >

05HUNYO2019

lalawigan ng san diego



salamat sa pagggawa
ng inyong bahagi para

pangalagaan ang ating
mga daanan ng tubig

mga tree well

nagtatanggal ng mga pollutant sa agos ng stormwater. Ang mga Tree Well ay tumutulong na makabawas sa dami ng agos na pumapasok sa storm drain system at maaaring pumigil sa baha sa surface. Ang mga Tree Well ay kadalasang makikita katabi ng mga daanan, driveway, at lugar na paradahan upang saluhin at salain ang agos ng stormwater na dumadaloy sa mga surface na ito.

Hanapin at Mantenahin ang Inyong Tree Well

Upang hanapin ang inyong Tree Well, hanapin ang mga puno kung saan dumadaloy papunta ang tubig at naiipon sa ibaba ng puno pagkatapos ng isang pag-ulan. Maaaring nakatanim ang mga Tree Well sa lupa o sa mga lalagyan ng halaman at nakalagay sa mga daanan, driveway, at iba pang naka-landscape na lugar sa inyong propyedad.

Kapag nakita niyo na ang inyong Tree Well, mahalagang mantenahin ito. Ang pagpapanatili ng Tree Well sa maayos na kondisyon ay tumutulong upang mapanatiling malinis ang ating mga daanan ng tubig. Nasa ibaba ang ilang mga gawain para sa pagmementena na maaaring dapat gawin:

- **Alisin at palitan ang anumang patay na puno.**
- **Kapag nakakita kayo ng tubig na hindi gumagalaw nang mas matagal sa 24 oras, paluwagin o palitan ang lupa upang tulungan ang tubig na makapasok sa lupa.**
- **Alisin ang anumang naipong kalat o debris na humaharang sa agos papunta sa puno at itapon ito nang maayos.**
- **Panatilihin ang hubog na palubog o slope ng pasukan ng tree well o inlet area upang matiyak ang agos ng tubig papasok sa tree well.**
- **Para sa mga tree well na may mulch sa ilalim, panatilihin ang mulch na hindi nakadikit sa katawan ng puno upang maiwasan ang pagkabulok ng balat ng puno.**

Para sa listahan ng iba pang mga gawain, tingnan ang form na patunay ng pagmementena o plano ng pagmementena mula sa developer ng inyong bahay.

Ang Programa ng Pangangalaga sa Watershed ay pana-panahong nagsasagawa ng biswal na inspeksyon sa mga Tree Well. Ang hindi paggawa ng iminumungkahing gawain para sa pagmementena ng inyong Tree Well ay maaring magdulot ng hindi maayos na paggana ng Tree Well at magpasimula ng kasunod na inspeksyon.

Para sa mga Tanong, Kontakin Kami sa:

Programa ng Pangangalaga sa Watershed
1-858-495-5323
BMP.Program@sdcounty.ca.gov
https://www.sandiegocounty.gov/stormwater

05HUNYO2019